Bibliya Para sa mga Bata

Ilinalahad

Ang Mabuting Samaritano



Sinulat ni: Edward Hughes
Ilinarawan ni: M. Maillot at Lazarus
Ibinagay ni: Ruth Klassen at Sarah S.
Isinalin ni: Christine Cornejo
Yinari ng: Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2011 Bible for Children, Inc.
Lisensya: May karapatan kayong magkopya o mag-imprenta ng kuwento, kung hindi ninyo ipagbibili.

"Guro, ano ang dapat kong gawin upang magkaroon ako ng buhay na walang hanggan?" Ito ang tanong ng isang dalubhasang lumapit kay Hesus upang Siya'y subukin.
"Ano ba ang nakasulat sa Kautusan?" ang sagot ni Hesus.

"Ibigin mo ang Diyos at ang iyong kapwa," sabi ng lalaki. "Ngunit sino ang aking kapwa?"

Upang masagot ang tanong ng lalaki,
si Hesus ay nagkwento tungkol sa
isang taong naglalakbay
mula sa Jerusalem
papuntang Jerico.
Hinarang siya ng
mga tulisan.



Kinuha ang lahat ng gamit ng manlalakbay, pati ang damit sa kanyang katawan! Siya ay binugbog at iniwan sa daan ng halos walang buhay.



Nagkataong dumaan doon ang isang pari. Siguradong siya ay tutulong sa sugatang lalaki.

Ngunit hindi! Nang makita ang taong duguan, lumihis siya at nagpatuloy sa kanyang paglakad sa kabila ng daan.

Pagkatapos ay may isa na namang parating. Siya ay isang Levita– ang mga taong tumutulong sa mga pari sa templo.



Nilapitan at tinignan ang taong nabugbog, ngunit siya ay nagpatuloy din sa paglalakad at hindi tumulong.



Ngunit may isang Samaritanong dumaan. Galit ang mga Hudyo sa mga Samaritano.

Ang mga nakikinig kay Hesus ay hindi inakala na isang Samaritano ang magiging mabait sa kwento. Ngunit ang Samaritano ang naawa at huminto para tumulong.



Ang Samaritano ay lumuhod, at nilagyan ng gamot at benda ang sugat ng lalaki. Pagkatapos ay isinakay niya ang lalaki sa kanyang asno.



Sa isang bahay-panuluyan,
inalagaan ng
Samaritano
ang lalaki
buong gabi.



Kinabukasan, nagbayad ang Samaritano sa may-ari ng bahay-panuluyan upang alagaan ang lalaki hanggang sa siya'y maging mabuti muli.

Nang matapos ang kwento, nagtanong si Hesus, “Sino kaya sa tatlo ang naging tunay na kapwa sa taong nasaktan?”







Ang sagot ng dalubhasa, "Ang kanyang kapwa ay ang Samaritano na tumulong sa kanya."


"Sige ganoon din ang iyong gawin," ang sabi ni Hesus. Ang kapwa ay ang sino mang nangangailangan.
Maari nating mapakita ang ating pagmamahal sa pamamagitan ng pagtulog sa mga taong nangangailangan.
Iyan ay kalugod-lugod
sa Diyos.

Ang Mabuting Samaritano

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Lucas 10

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuwentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na lumikha sa atin at ibig Niyang aalamin natin Siya. Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo Niya na ipinadala Niya ang Kaniyang Anak na si Hesus upang maipako at mamatay sa Krus bilang parusa para sa ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kung kayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran para sa inyong mga kasalanan, gagawin Niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon, at kayo ay maninirahan na kasama Niya sa Kaniyang tahanan na walang hanggan.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako po'y naniniwalang si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli. Maaari po bang pumasok Kayo sa aking buhay at patawarin po Ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon, at sa darating na araw ako'y kasama Ninyo sa Inyong piling na walang katapusan. Tulungan po Ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang Inyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16